

Sinopsis ng Kwentong Pambata

Kwento ito tungkol sa dalawang higad na naharap sa isang mahalagang pagpapasya—kung mananatili ba silang higad para magpakasaya lang sa buhay o haharapin nila ang pagbabago at paghihirap upang maging ganap na paru-paro. Magkaiba ang naging pasya ng dalawang higad. Ang isa ay tumuloy at ang isa ay nanatili. Ang kwentong ito ay naglalayong ipakita sa mga batang mambabasa na ang paghihirap ay sinusuong at hindi tinatakanan, dahil ang mga karanasang ito ang nagpapatibay sa sinumang nilalang na harapin ang buhay at maging mabuting kontribusyon sa lipunang kinabibilangan.

ANG HIGAD AT ANG PARU-PARO

Minsan ay may dalawang itlog ng paru-paro sa isang dahon na sabay napisa. Diwa ang pangalan ng dilaw na higad at Mago naman ang pangalan ng kayumangging higad. Dahil ang isa't-isa ang una nilang nasilayan pagkalabas sa itlog, nagkaroon sila ng agarang ugnayan. Nagturingan silang parang magkapatid at sabay na nanghinain ng mga dahon sa Hardin. Nagkahiwalay si Diwa at Mago ng hindi nila namamalayan noong magpalipat-lipat sila ng halamang kinakainan. Isang araw, muli silang nagkita.

“Ang sarap ng mga dahon sa lugar na ito, ‘di ba?” ang sabi ni Diwa.

“Oo nga. Ginaganahan tuloy ako lalong kumain,” ang sagot ni Mago habang punung-puno ang bibig.

“Kaya lang minsan pakiramdam ko peste tayo. Nasisira kasi natin ang mga dahon ng isang magandang halaman.”

“Pasalamat tayo dahil mabait ang Hardinero sa atin.”

“Oo nga. Hinahayaan Niya tayong lumaki. Buti na lang at sa sandaling panahon pwede na tayong maging paru-paro. Makakatulong na tayo sa Hardin”

“Ayoko ngang maging paru-paro!” ang pahayag ni Mago.

“Ha? Bakit? Ang ganda kayang maging paru-paro. Matamis na nektarya ang kakanin natin araw-araw. Higit sa lahat, hindi na tayo pabigat dahil magiging kapaki-pakinabang na bahagi na tayo ng Hardin,” ang paliwanag ni Diwa.

“Hay...malaking kalbaryo ang maging paru-paro. Kailangan mong gumawa ng sisidlan kung saan ibabalot ang sarili mo. Nakabitin ka ng patiwarik at maghihintay sa loob ng mahabang panahon bilang isang pupa o tilas. Pagdating ng oras, ang hirap-hirap pang lumabas mula sa

pinagbalutan mo. Pagkalabas, kailangan mo pang magpalipat-lipat ng bulakak para lang makakain. Hindi katulad ng pagiging higad na pwedeng kainin ang pinaghigaan pagkagising na pagkagising pa lang. Higit sa lahat, dalawang linggo na lang ang magiging buhay mo kapag naging paru-paro ka. Ayoko ngang mawala agad. Gusto ko ng mahabang buhay kaya hindi ako magbabago. Mananatili akong higad,” ang pagmamatigas ni Mago.

Natigilan si Diwa. Nagsimula siyang mag-alinlangan sa balak niyang gawin sa buhay. ‘Tutuloy pa ba akong maging paru-paro?’ ang tanong ni Diwa sa sarili.

Isang araw, nakakita siya ng paru-paro. Naakit siya sa taglay nitong kagandahan at kaligayahan sa paglipad. Higit sa lahat, nakita niya kung paano ngumiti ang Hardinero habang nagpapalipat-lipat ito ng bulaklak na dadapuan. Ang masipag na paru-paro ay naghatid ng polen o mawo sa bawat bulaklak upang tulungan ang mga halamang mamunga at makapagparami. Dahil sa mga nasaksihan, nawala ang pag-aalinlangan ni Diwa.

“Mahirapan man, magtitiyaga ako. Balang araw, lilipad din ako.”

Araw-araw ginawa ni Diwa ang trabaho niya bilang higad. Ngumuya siya ng ngumuya ng mga dahon. Kailangan niyang mag-imbak ng lakas bilang paghahanda para sa haharaping metamorposis o banyuhay. Isa itong mahabang proseso ng pagbabagong anyo ng isang higad patungo sa pagiging paru-paro. Kahit nangangawit na kangangata ng dahon at nabibigatan na sa laki ng katawang pinapasan, nagpatuloy pa rin siya. Walang oras na pwedeng sayangin.

Sa isang banda, madalas na magpagulong-gulong lang sa dahong kinalalagyan si Mago. Madalas din siyang magpalundag-lundag sa ibat’ibang halaman para maglaro. Nagpakasaya siya ng labis sa kanyang oras.

Nang nasa sapat na laki na si Diwa, sinimulan niyang balutin ang sarili ng bahay-uod. Bago siya matakpan ng tuluyang, nakita siya ni Mago at muling siyang binalaan nito.

“Sinabi ko na sa iyo. Kapag naging paru-paro ka, katakot-takot na hirap ang dadanasin mo para magbago. Sandali rin lang ang itatagal ng buhay mo.”

Ngunit hindi nasiraan ng loob si Diwa. Ningitian niya ang kaibigan at saka nagwikang, “Alam ko iyon. Pero nararamdaman kong ito ang dapat kong gawin kaya gagawin ko ang nararapat. Paalam na kaibigan.”

Natulala si Mago. Sa isip-sip niya, ‘Saan kaya niya nakuha ang ganoong tapang na suungin ang hirap at maging handa sa katapusan?’

“Hay naku! Bahala ka sa buhay mo. Pinili mo iyan. Wala na akong magagawa kung iyan ang paniniwala mo!” ang hiyaw ni Mago sa pupang si Diwa.

Nagpatuloy si Mago sa pangkaraniwan niyang ginagawa subalit hindi niya maialis sa isipan ang sinabi ng kaibigan. Araw-araw niyang sinisilip kung may pagbabagong nagaganap sa bahay-uod nito.

“Parang wala namang nangyayari”, ang dismayadong komento ni Mago.

Subalit isang araw, napansin niyang tila gumagalaw ang bahay-uod ni Diwa. “Ngayon na kaya ang araw ng paglabas niya?”

Mula sa matagal na pagtitiis sa masikip at madilim na kinalalagyan, unti-unting lumabas si Diwa. Naawa si Mago sa kaibigan nang makita niyang nahihirapan itong kumawala. Buong gilas siyang gumapang papunta sa kinaroroonan nito upang sumaklolo. “Nandiyan na ko kaibigan! Tutulungan kita!”

“Huwag!” ang nanghihina subalit madiing sambit ng palabas na paru-paro.

Napahinto si Mago at nangilid ang luha sa kanyang mga mata. “Pero...hirap na hirap ka na. Hayaan mong tulungan kita.”

“Ang labang ito ang magpapatibay sa akin para makalipad. Kailangan ko itong harapang mag-isa.”

Walang nagawa si Mago kun’di ang manood. Kailangan niyang igalang ang pasya ng kaibigan na dumaan sa likas na landasin ng sinumang nais maging paru-paro.

‘Kayanin po sana ito ni Diwa. Maitawid po nawa niya ang yugtong ito,’ ang tahimik na usal ni Mago.

Nang makalabas na si Diwa, hindi naman siya agad nakalipad dahil maliit at lukot na lukot pa ang kanyang mga pakpak. Kitang-kita ang pagod sa itsura niya. Nais sana muli ni Mago na lumapit at tulungan si Diwa, pero wala din naman siyang magagawa. Kaya nanahimik na lang siya sa isang tabi pero hindi siya umalis. Nanatili siyang nakamasid bilang suporta sa kaibigang may matinding pinagdadaanan.

Makalipas ang ilang oras, unti-unting naunat at lumaki ang lukot na pakpak ni Diwa. Dahan-dahan niya itong ikinampay at maya-maya pa’y lumipad na siya sa kalangitan.

“Whihh...” masayang-masaya siyang nagsayaw sa hangin. Ang ganda-ganda niya. Hindi na siya si Diwa, ang dilaw na higad. Siya na si Diwa, ang ginintuang paru-paro.

Nagpalipat-lipat siya sa iba’t-ibang bulaklak at nilasap ang tamis ng nektaryang tila ba pagkain ng mga diwata. Higit sa lahat, marami siyang nabisitang mga bulaklak. Dahil dito, may mga puno siyang natulungang mamunga at mga halamang natulungang magparami. Tuwang-tuwa ang Hardinero sa kanya. Marami rin siyang nakasalamuhang kapwa paru-paro na may iba’t-ibang makukulay na pakpak. Pagkatapos ng kanilang pagsisilbi sa maghapon, napagkukwentuhan nila ang kanilang mga naging paglalakbay. Aliw na aliw siya sa bago niyang buhay.

Subalit makalipas ang ilang araw, unti-unting nasira ang mga pakpak ni Diwa. Nagsimula na siyang manghina hanggang sa hindi na siya makalipad. Malapit nang sumapit ang araw ng kanyang paglisan. Naabutan siya ni Mago sa ganitong kalagayan.

“Sabi sa iyo, maikli lang ang buhay ng paru-paro. Hindi ka ba nagsisisi at tumuloy ka?” ang tanong ni Mago.

“Ikaw ba, hindi ka ba nagsisisi at nananatili kang higad?” ang balik na tanong ni Diwa. “Hindi ka isang basta-bastang paru-paro. Sa hubog na mayroon ka, alam naming isa kang Mariposa. Bakit nakuntento kang manatili bilang higad lang?”

Natahimik si Mago. Nakadama siya ng inggit at hiya. Aminado siya sa kanyang sarili na nagsayang lang siya ng oras. Malayong-malayo siya sa naging lakbayin ng kaibigan niya.

“Wala akong pinagsisisihan,” ang nakangiting sambit ni Diwa. “Mas masayang lumipad kaysa gumapang. Mas mainam kumayod kaysa kumain lang. Masaya akong maging paru-paro dahil dito ko natagpuan ang dahilan kung bakit ako nabuhay. Isa itong bagay na hindi ko makikita kung nanatili akong higad.”

Pagkasabi nito’y unti-unting pumikit ang mga mata ni Diwa. Wala na siya. Bumalik na ang kanyang enerhiya sa kung saan nagsimula ang lahat. Lumuha si Mago ngunit hindi dahil lumisan na ang kanyang kaibigan. Maikli man ang naging buhay ni Diwa, naging makabuluhan naman ito. Hindi katulad nang sa kanya. Lumuha siya para sa buhay niyang walang pinatutunguhan.

Dahil dito, nawala ang takot ni Mago. Sinimulan niyang gawin ang trabaho niya bilang isang higad. Ngumuya siya ng ngumuya ng dahon hanggang sa bumigat ang pinapasang katawan. Binalot niya ang sarili ng bahay-uod at hinarap ang pagiging pupa.

“Maging maikli man ang buhay ko bilang paru-paro, kahit isang linggo o kahit isang araw man lang, kaya ko nang makuntento basta’t natupad ko ang dahilan kung bakit ako naririto.”

Makalipas ang ilang araw, isang bagong katuwang ng mga bulaklak at kaibigan ng Hardinero ang natunghayan sa Hardin, si Mago ang nakamamanghang Mariposa. Masaya niyang ikinampay sa hangin ang maganda niyang pakpak.

“Ganito pala ang paglipad. Ang sarap sa pakiramdam.”

Nagsimula siyang magpalipat-lipad ng bulaklak. Naglakbay siya kung saan kailangan ng manggagawa gaano man ito kalayo upang pamungahin at paramihin ang mga halaman. Nakakilala rin siya ng maraming kaibigan tulad ng mga kapwa manggagawa at ng mga halamang kanyang natutulungan. Araw-araw na niyang nakikita ang Hardinero sa paglibot niya sa Hardin. Masaya si Mago na makita Siya dahil sa Kanyang maamong mukha at magaan na presensya. Namangha rin si Mago nang masaksihan kung paano pangalagaan ng Hardinero ang lahat ng nasa Hardin.

Sa araw-araw niyang paglipad, napagmasdan ni Mariposa ang mga bagay na hindi niya makikita kung nanatili siyang higad, katulad ng kagandahan ng namumukadkad na bulaklak, saya na dulot ng paglalakbay sa ihip ng hangin, kagaanan sa puso na nagmumula sa pagtulong at ang maningning na mukha ng Hardinero. Ngayon lang niya naunawaan ang ligaya ng lumisang kaibigan sa araw-araw nitong lakbayin.

Nagbalik sa kanyang alaala ang nakaraan. Isang araw, habang nakadapo sa isang bulaklak si Diwa, tinanong niya ito.

“Hindi ka ba napapagod? Araw-araw mo na lang ikinakampay ang pakpak mo. Halos hindi na kita nakikitang nagpapahinga. Lagi ka na lamang nagtatrabaho. Magbakasyon ka naman.”

“Bakit naman ako mapapagod gawin ang isang bagay na gusto kong gawin?” ang nakangiting sagot ni Diwa sabay lipad ng mas mataas pa.

Napanganga noon si Mago. “Kakaiba talaga siya. Para siyang taga-ibang mundo. Hindi ko siya maintindihan.”

Ngayong isa na rin siyang paru-paro, naiintindihan na niya ang dating kaibigan. Mula sa kawalan, tila ba narinig niya ang tinig ni Diwa. “Ang gawain ang nagbibigay ng kahulugan sa buhay natin. Hangga’t gusto mo ang iyong ginagawa, pakiramdam mo, nasa bakasyon ka. Ang tanging paraan lamang para mangyari iyon ay mahalín mo ang gawaing inatang sa iyo.”

Natawa si Mago, “Hay naku, Diwa. Hanggang sa guni-guni ba naman nangangaral ka pa rin. Pakiramdam ko tuloy kasama pa kita. Salamat sa alaala, kaibigan.”

Hindi rin naman sa lahat ng pagkakataon maayos ang lahat. May mga panahon na inaabot siya ng bagyo. Hindi siya makalabas at walang magawa kundi ang maghintay. Subalit anumang unos ang dumaan, lumilipas din naman. Buong pananabik niyang inaabangan ang pagdating ng bukang-liwayway.

Hindi namalayan ni Mago ang paglipas ng panahon. Tila ba lumagpas siya sa dalawang linggo. Hindi rin niya alam kung gaano ba talaga katagal ang buhay ng mga Mariposang tulad niya. Subalit hindi na niya inintindi ang oras. Ang mahalaga walang siyang sinayang na sandali. Sinigurado niya na may katuturan ang bawat araw na magdaan.

Dumating ang pagkakataon na naging marupok ang kanyang mga pakpak. Hindi na siya makalipad. Alam niyang dumating na ang kanyang oras. Habang nakadapa at naghihintay, isang maliit na kayumangging higad ang lumapit sa kanya.

“Ahmm...mawalang-galang na po pero ayos lang po ba kayo? Mukhang masama po ang pakiramdam ninyo,” ang may pangambang tanong ng batang higad.

“Ayos lang anak.”

“Pero mukhang ang lata-lata ninyo. Paano po kayo naging maayos?”

“Ayos lang dahil nakahabol ako. Akala ko mauubos ang panahon ko ng walang saysay. Ngayon, lilisan ako nang walang pagsisisi dahil masasabi kong ibinigay ko lahat. Naubos ako at wala kong itinira.”

“Hindi ko po kayo maintindihan. Hindi po ba ninyo ginusto na magkaroon ng mahabang buhay?”

“Ginusto, kaya nga ayokong maging paru-paro noong una dahil akala ko iikli lang ang buhay ko. Pero nagawa ko kung para saan ako nilikha. Hindi nasayang ang buhay na binigay sa akin. Kaya masaya akong aalis. Ikaw, anak? Sa tingin ko’y isa ka ring Mariposa.”

Namula ang batang higad. “Ah...opo. Kaya lang natatakot po akong maging paru-paro. Nahihiya rin po ako dahil hindi ko po alam kung para sa akin po ba iyon.”

Kaunti lamang ang nais maging ganap na paru-paro. Hindi lahat nangangahas, lalo na ang mga kayumangging higad.

“Huwag mong ikahiya ang iyong sarili,” ang madiing pahayag ni Mago. “Tandaan mo, isa kang marikit na Mariposa. Hindi ka magiging ganap na nilalang kung hindi mo tatahakin ang landas patungo sa pagiging paru-paro. Huwag kang makuntento na manatiling higad lang. Liparin mo ang kalangitan, dahil ito ang iyong kapalaran.”

Matapos mangganyak, huminga siya ng malalim at ibinuga ang huli niyang hininga. Namaalam na nang tuluyan si Mago. Gayunpaman, hindi nasayang ang kanyang buhay. Natupad niya ang kanyang misyon at higit sa lahat, naipasa niya ang apoy na iyon sa puso sa isang batang higad. Isang bagong henerasyon ng mga manggagawa ang sumibol upang maglilingkod sa Hardinero at magpapatuloy sa pangangalaga sa mahal nilang Hardin.